

NEGOTIATIONS

UPDATE ON CONTRACT NEGOTIATIONS FOR UFCW LOCAL 401 MEMBERS



Your Voice Matters: Final Offer Ready for Your Vote

Dear UFCW 401 members at Sofina North,

[NOTE: You can find translated versions of this document and the employers offer, here.](#)



Since negotiations began last year, your *Union Negotiating Committee* has been hard at work advancing your priorities, concerns, and demands. Over the course of 15 bargaining days, and an additional three days with the help of a government-appointed mediator, we pressed the Company for meaningful improvements.

Throughout this process, our goal has been clear: to bring you the best possible offer for a fair vote.

While we made progress and reached agreement on many important items, we were not able to achieve a full agreement that addressed every concern members raised. On the final day of mediation, the Company presented what they called their *final offer*.

While this offer does not address every issue that was raised by the membership, your Union Negotiating Committee believes that through your support and solidarity, we were able to push the Company to put their best possible financial offer on the table, without some sort of strike or lockout.

“Sofina Workers have bargained strong together for over a year. While we might not have achieved everything we wanted, your strength and solidarity have pushed the Company further than they ever wanted to move,” says UFCW Local 401 President Thomas Hesse.

Highlights of the Company’s Final Offer:

- Four-year agreement expiring March 2028
- \$2.40 in wage increases, including \$1.30 at ratification
- \$0.75 retroactive pay on all hours worked back to April 1, 2024
- \$0.55 retroactive pay on all hours worked back to April 1, 2025
- Pathway to guaranteed hours for employees hired after 2020
- Increased boot allowance
- Improved vision care coverage
- New dual-ticket premium for trades-persons
- Introduction of apprenticeship rates and language
- Stronger health and safety provisions
- Improved Union representation protections

Toll Free: 1-800-252-7975 ♦ Edmonton: 780-452-0362 ♦ Calgary: 403-291-1047 ♦ Red Deer 403-342-0150
Fort McMurray: 780-743-4190 ♦ Brooks: 403-501-8486 ♦ Lethbridge: 403-328-4245

NEGOTIATIONS

UPDATE ON CONTRACT NEGOTIATIONS FOR UFCW LOCAL 401 MEMBERS



These improvements represent meaningful gains. But the choice on whether to accept or reject them is yours to make.

To ensure you have time to review and reflect, we will be giving you a week before we hold our ratification votes. Your union strongly encourages you to read the full offer carefully and reach out to your *Union Negotiating Committee* with any questions you may have.

Don't wait for the info session to ask questions – start the conversation now.

"This vote is not just about this offer, it's also about your future," says Secretary Treasurer Richelle Stewart. "No one knows better what is right for you and your family than you. So, please, ask the questions you need answered to make an informed decision and make your voice heard by casting your vote!"

If members choose to reject the company's Final Offer, a strike vote will be held the following week.

Upcoming Meetings and Voting Details

Question & Answer Meeting: Wednesday, May 14, 2025.

12:00 p.m. to 5:00 p.m.

*Chateau Nova Kingsway, 159 Airport Rd NW,
Edmonton, AB*

In-Person Voting: Thursday, May 15, 2025. 12:00 p.m. to 5:00 p.m.

Sofina Plant – Main Lunchroom

Online Voting: For members **unable to attend in person**, online voting will take place:

7:00 p.m., Thursday, May 15 to 2:00 p.m., Friday, May 16, 2025

Note: Your union uses an independent voting company to ensure secure, anonymous ballots. You must have a valid email address on file to receive your ballot. If you're unsure, please contact your union office to update your information.

Your vote will determine the next steps. Make your voice heard on this important decision!

In solidarity,

Your UFCW Local 401 Union Bargaining Committee

Toll Free: 1-800-252-7975 ♦ Edmonton: 780-452-0362 ♦ Calgary: 403-291-1047 ♦ Red Deer 403-342-0150
Fort McMurray: 780-743-4190 ♦ Brooks: 403-501-8486 ♦ Lethbridge: 403-328-4245



HULING ALOK NG EMPLOYER

NG KASUNDUAN

MULA SA

SOFINA FOODS INC.

EDMONTON NORTH

PARA SA

UNITED FOOD AND COMMERCIAL WORKERS – 401

Mayo 1, 2025

Ipinepresenta ng Sofina Foods ang nakapaloob na komprehensibong pinal na alok na package para pangasiwaan ang isang buong kasunduan ng lahat ng mga bagay na umiiral sa pagitan ng mga partido sa kolektibong pakikipag-negosasyon na may layuning makamit ang isang kasunduan. Bilang integral na bahagi ng alok, mananatili sa status quo ang mga isyu na hindi nabanggit sa ibaba, alinsunod sa lengguwaheng nakapaloob na sa Kolektibong Kasunduan sa pagitan ng mga partido na nag-expire noong Marso 31, 2024.

Kung hindi makamit ang isang napagkasunduang kasunduan, maaaring maibalik ang mga item na na-withdraw at ang mga item na napirmanhan ay maaaring deklarating walang bisa.

Isinumite ang mga panukala na ito ng Kompanya na walang pagkiling at paglilimita sa pagiging general ng mga nauna, pinapanatili ng Kompanya ang karapatang hamunin ang pagiging balido, interpretasyon, o aplikasyon ng anumang artikulo sa Kolektibong Kasunduan sa kabila ng mga panukalang nakapaloob dito.

Kabilang sa employer package ang:

1. Mga nakalaki na panukala;
2. Lahat ng item na dating pinagkasunduan ng mga partido na pinirmahan na; at
3. Kung saan ang mga panukala ng employer o Unyon ay hindi kabilang sa dokumentong ito, ituturing silang binitiwang o tinanggihan.
- 4.

Maliban kung espesipikong nakasaad, walang anuman sa Kolektibong Kasunduan ay retroaktibo. Sumasang-ayon ang Kompanya na gawing retroaktibo ang mga rate ng sahod hanggang Abril 1, 2024 para sa mga empleyadong aktibo nang nagtatrabaho. Ayon sa mga Artikulang tinutukoy ang, "pagpirma sa Kolektibong Kasunduang ito"; ii-insert ang petsa ng pagpirma sa Kolektibong Kasunduan bago ang pagpi-print nito. At, gagawin ang alinmang kinakailangang pag-renumber sa mga artikulo ng Kolektibong Kasunduan dulot ng mga pag-amyenda bago ang pagpi-print sa Kasunduan.

Sumasang-ayon ang mga partido dito na ang mga termino ng Kolektibong Kasunduan ay mula **Abril 1, 2024** hanggang **Marso 31, 2028**. Ang petsa ng pagpapatibay ay ang petsa kung kailan pagtitibayin ng Unyon.

Bilang isang kondisyon ng Huling Alok na ito, isasalin ng Kompanya ang Huling Alok sa anim na karaniwang lengguwahe sa Planta na inaasahan naming gagawing available ng unyon sa mga kawani. (Somali, Tigrinya, Punjabi, Tagalog, Amharic, Oromo at Arabic)

PAG-HOUSEKEEP – Sinang-ayunan Mayo 27, 2024

Ihinahain ng Kompanya na parehong magagawang linisin ng mga partido ang grammar sa CBA kung saan kinakailangan kabilang ang ngunit hindi limitado sa mga seksiyon at pamagat upang masigurong ang Kasunduan ay madaling ihanda at hanapin ang mga artikulo. Kabibilangan nito ang mga terminolohiya sa kabuuan ng Kasuduan bilang Kompanya o Employer ngunit hindi ginagamit ang pareho. Hindi nito bibigyan ang mga partido ng kakayahang palitan ang intensiyon ng kasunduan o mga interpretasyon ng lengguwahe [2024]

Artikulo 2.2 – Seguridad ng Unyon

2.1 Sumasang-ayon ang Kompanya na isang kondisyon ng trabaho ang pagiging miyembro ng Unyon para sa lahat ng empleyado sa bargaining unit.

Malaya ang Kompanya na mag-hire ng mga bagong empleyado na hindi miyembro ng Unyon, KUNG ang mga di-miyembro, part-time o full-time na empleyado man, ay magiging eligible para sa pagiging miyembro sa Unyon, at gagawa ng aplikasyon sa unang (1st) araw ng trabaho, at maging miyembro sa loob ng tatlumpong (30) araw. Dapat magbayad ang lahat ng empleyado sa Unyon ng regular na mga bayarin. Dapat magbayad ng nararapat na bayarin retroaktibo sa unang (1st) araw ng trabaho ang mga empleyadong na-hire sa pamamagitan ng isang panlabas na agency at nanatili sa trabaho pagtapos ng tatlumpong (30) araw.

2.2 Sumasang-ayon ang Kompanya na bigyan ang bawat bagong empleyado ng titulo ng trabaho na may form na nagpapakita sa empleyado, ng kanilang responsibilidad pag dating sa kanilang pagiging miyembro ng Unyon, at para magbigay sa Unyon ng elektronikong form na may pangalan, numero ng telepono, address ~~SIN number~~, at department ~~of~~ bawat empleyado na pinresentahan nila ng kanilang form letter, kasama ang kanilang petsa ng pagka-hire ng empleyado. Sumasang-ayon din ang Kompanya sa magbigay sa Unyon, isang beses kada buwan, ng in-update na listahan na naglalaman ng mga pagbabago sa pangalan ng empleyado, address, numero ng telepono, ~~SIN number~~, at department. **[2024]**

Sasagutin ng Unyon ang mga bayarin sa pag-print ng mga form, nilalaman ng mga form sa paraang katanggap-tanggap para sa Kompanya. Sumasang-ayon din ang Kompanya sa magbigay sa Unyon, isang beses kada buwan, ng listahan na naglalaman ng mga pangalan ng lahat ng empleyado na natanggalan ng trabaho sa nakaraang buwan. Sumasang-ayon din ang Kompanya sa magbigay sa Unyon, isang beses kada buwan, ng listahan na naglalaman ng mga pangalan ng lahat ng empleyado na naka-leave of absence, kabilang ang huling araw nilang nagtrabaho, uri ng leave, at petsa ng pagbabalik sa trabaho, isa elektronikong paraan.

Magbibigay ang Kompanya ng ulat sa Unyon kada buwan na naglalaman ng mga sumusunod na impormasyon:

- (i) **Buong Pangalan;**
- (ii) **Employee Number;**
- (iii) **Status (Full-Time, Part-Time, Aktibo, Di Aktibo);**

- (iv) **Klasipikasyon;**
- (v) **Petsa ng Pag-hire;**
- (vi) **Petsa ng Union Seniority;**
- (vii) **Address ng Tahanan**
- (viii) **Numero ng Telepono**
- (ix) **Kasalukuyang Rate ng Sahod**

2.3 - Sinang-ayunan Mayo 28, 2024

Sumasang-ayon ang Kompanya na ibawas sa mga sahod ng bawat empleyado nang may wastong awtorisasyon mula sa apektadong empleyado, ang gayong bayarin sa initiation, buwanang bayarin, mga assessment, o iba pang mga deduction na awtorisado ng Lokal na Unyon o sa hiling ng apektadong empleyado kung walang notipikasyon ang natanggap mula sa nabanggit.

Ibibigay ng Secretary-Treasurer ng Unyon ang notipikasyon ng alinmang mga pagbabago sa mga bayarin o assessment na nabanggit. Ipapasa ng Kompanya sa Secretary-Treasurer ng Unyon ang mga ibinawas sa loob ng buwan, nang hindi lalampas sa ika-sampung (10th) araw ng susunod na buwan, kasama ang isang nakasulat na pahayag ng mga pangalan ng empleyado na binigyan ng mga pagbawas, **ang kabuuan ng regular na oras para sa bawat linggo, at mga regular na bayarin, bayarin sa initiation at assessment.** ~~at ang halaga at dahilan ng bawat pagbawas.~~ Sumasang-ayon din ang Kompanya na magbigay ng pahayag sa Unyon sa elektronikong paraan.

Sumasang-ayon ang mga partido na kung kakailanganin man ng Unyon ang isang estruktura ng bayarin na gumagawa ng isang administratibong proseso para sa Employer, magkikita ang mga partido para pag-usapan at i-explore ang mga oportunidad para sa isang pagresolba. [2024]

BAGO Artikulo 2.7 BAGO – Mga Walking Steward

Upang palawigin ang positibong relasyon sa pangangasiwa sa paggawa, sasang-ayon ang mga partido sa isang bagong LOU para pasimulan ang isang part-time Walking Steward hanggang sa tagal ng kolektibong kasunduan na ito. **Ma-e-excuse ang representatibong ito para sa apat (4) na magkakasunod na oras bawat linggo ng Miyerkoles ng umaga sa pagitan ng 8 am at 12:00 pm at mababayaran ng employer ng kanilang regular na sahod na sasang-ayunan ng unyon na i-reimburse sa Employer kabilang ang mga pasanin sa payroll. Bilang ang layunin ay isulong ang magkakasundong pangangasiwa sa paggawa, makikibahagi ang taong ito sa mga sumusunod na komite bilang parte ng kanilang tungkulin:**

- **Komite sa Kultura**
- **Linggo-linggong HR Tour sa Planta**
- **Magkasamang Pangangasiwa sa Paggawa**
- **Mga Pagpupulong sa Pangangasiwa sa Attendance**
- **Mga pagpupulong para sa Step 2 grievance**
- **Paminsan-minsang Daily Directional Setting (DDS) na pagpupulong kapag hiniling**
- **Alinmang ibang tungkulin na mutwal na sinang-ayunan ng unyon at management**

Ipapaskil ang bagong role na ito sa UCFW 401 unyon at gagawin ng unyon ang pagpili sa pamamagitan ng isang proseso ng pag-interbyu.

Magkakaroon ang parehong partido ng karapatang itigil ang LOU na ito sa pamamagitan ng pagbibigay sa kabilang partido ng minimum na sixty na araw sa kalendaryo na abiso o sa pag-expire ng LOU. [2024]

2.8 – BAGO Pondo sa Edukasyon at Pagsasanay –Sinang-ayunan Abril 30, 2025

Sumasang-ayon ang Employer na magbigay ng mga kontribusyon sa United Food and Commercial Workers Canada Union, Local No. 401 Pondo sa Edukasyon at Pagsasanay sa halagang ~~isang sentimo (\$0.01)~~ lima (\$0.05) sentimo kada oras para sa bawat oras na tinrabaho ng mga miyembro sa maximum na 40 oras kada linggo. Bilang kapalit nangangako ang Unyon na pagbutihin ang pagsasanay kabilang ang Steward Training para sa mga miyembro ng bargaining unit. [2024]

Artikulo 3.5 - Shift Premium – Sinang-ayunan Abril 30, 2025

Sumasang-ayon ang Kompanya na magbayad ng isang premium sa lahat ng empleyadong nagtatrabaho ng shift na trabaho sa alinmang ibang shift sa normal na day shift. Magbabayad ang Kompanya ng ~~tatlong (\$3.00) dolyar apatnapu't luma (\$0.45)~~ **animnapu (\$0.60) sentimo kada oras epektibo sa petsa ng pagpapatibay para sa 2019 – 2024 Kolektibong Kasunduan. Epektibo Ika-1 ng Abril, 2021 itataas ang premium na ito sa limampung (\$0.50) sentimo kada oras. Epektibo Ika-1 ng Abril, 2024 itataas ang premium na ito sa limampung (\$0.55) sentimo kada oras. Hindi ikokonsidera bilang bahagi ng basic na rate ng empleyado ang premium. [2024]**

Artikulo 3.6 – Sinang-ayunan Pebrero 11, 2025

Ang mga empleyadong partikular na inatasang ~~magtrabaho sa tungkulin na pagpapanatili sa blast freezer o freezer para sa mga panahong higit sa isang magkasunod na oras~~ ay babayaran ng isang freezer premium na ~~isang dolyar at limampung (\$1.50) apatnapu't lima (\$0.45)~~ **limampung (\$0.50) sentimo kada oras na tinrabaho. Para sa layunin ng artikulong ito, ~~ang pagpapanatili~~ ng pagtatrabaho sa blast freezer o freezer ay niro-rotate ang produkto **at nagtatrabaho para sa mga panahong higit sa isang magkasunod na oras**, pag-aalis ng laman ng blast freezer o freezer, pag-slot ng produkto, at pag-rotate ng inventory. Hindi ikokonsidera bilang parte ng basic rate ng empleyado ang premium na ito at hindi kailanman magkakaroon ng duplikasyon o pag-pyramid sa overtime o alinmang ibang premium na pasahod. [2024]**

Artikulo 3.10 – Mga Panahon ng Pahinga

...

Babayaran ng doble (2) ng kanilang regular na rate ang isang empleyadong inatasang magtrabaho ng sobra sa unang limang (5) oras o sa ikalawang apat at isa't kalahating oras (4

½) para sa lahat ng oras na tinrabaho hanggang mabigyan ang meal period. Ang isang empleyadong inatasang magtrabaho ng sobra sa pangalawang apat at isa't kalahating (4 ½) oras na bahagi ng shift, papayagan ng Kompanya ang tatlumpong (30) minuto na may pasahod sa mga rate na binayaran para sa panahong iyon para sa meal period na iyon. May magpipilian ang empleyado ng isang mainit na meal o ~~dalawampung limang (\$25.00) dolyar. siyam (\$9.00) labindalawang (\$12.00)~~ dolyar para sa kanilang susunod na cheque. ~~Epektibo Ika-1 ng Abril, 2021 itataas ang meal allowance na ito sa sampung (\$10.00) dolyar.~~ Dapat na magkaroon ang mangangatay ng manok ng sapat na oras para sa personal na paglilinis bago ang lahat ng mga rest period at meal period. **[2024]**

Artikulo 4.7 – Sinang-ayunan Mayo 28, 2025

4.7 Ilalagay sa probation ang mga bagong empleyado para sa siyamnapung (90) araw ng kalendaryo o alinmang pinalawig na panahon na mutwal na sinang-ayunan ng Unyon at ng Kompanya kung saan sa loob ng panahong iyon maaari silang matanggal na walang reperensiya sa seniority at walang obligasyon ang Kompanya na i-hire mula ang empleyadong ito. **Maaaring ma-discharge ang isang nasa probation na empleyado sa kakayahan ng Kompanya.** Hindi dapat maging paksa ng grievance ang terminasyon ng isang nasa probation na empleyado **ngunit maaaring gawing present ng Kompanya ang isang Shop Steward.** Ngunit dapat na kumilos ang Kompanya nang resonable, walang diskriminasyon, patas, at may mabuting intensiyon. **Kapag na-terminate ang isang nasa probation na empleyado, hahainan sila ng liham ng probationary release na kokopyahin para sa unyon. ~~na nag-a-outline sa dahilan ng terminasyon.~~** Magiging regular na empleyado at bibigyang-karapatan sa seniority ayon sa tagal ng serbisyo at sa lahat ng benepisyo sa ilalim ng Kasunduang ito at maaaring ma-discharge para lamang sa makatarungang dahilan ang mga empleyadong matitira matapos ang siyamnapung (90) araw ng kalendaryong na probation period. Sa pangyayaring mapag-alamang tinanggal ang isang empleyado sa maling paraan, hindi sila dapat mawalan ng seniority, kung maibabalik bilang empleyado. Ang sinumang empleyado na may siyamnapu (90) o higit pang araw sa kalendaryong serbisyo sa Kompanya at na tanggal, na-terminate, o boluntaryong natanggal at na-hire muli sa loob ng isang (1) taon, ay dapat makatanggap ng rate ng bayad para sa klasipikasyon ng trabaho na nakasaad sa Appendix A ng Kasunduang ito. **[2024]**

4.9 Mga Job Posting – Sinang-ayunan Oktubre 18, 2024

Kapag nagkaroon ng mga bakante sa trabaho at kinakailangan ng Kompanya ng mga papalit, at kapag gagawa ang Kompanya ng mga bagong trabaho, ipapaskil ang mga ito sa bulletin board ng apat (4) na araw ng pagtatrabaho kung saan maaaring gumawa ng mga aplikasyon ang empleyado. **Maglalaman ang mga posting ng deskripsiyon ng trabaho, ang mga shift, at oras ng pagtatrabaho at rate ng sahod.** Ise-send sa Unyon ang mga kopya ng katulad na mga posting **kasama ang listahan ng mga pangalan.** Ang pinakasenor na applicant sa loob

ng planta ay dapat makatanggap ng job posting. Sapat ang kakayahan pagkatapos ang resonableng pagsubok para gawin ang trabaho, ang seniority ay mananaig. Kung walang angkop na aplikasyon ang natanggap, maaaring mag-hire ang kompanya ng tao para punan ang trabaho. Naiintindihan na para mag-apply para sa isang posting sa Maintenance, Mga Live Haul Driver, at Shipping at Delivery Driver, dapat kwalipikado ang isang empleyado.

Maaaring gumawa ang kompanya ng pansamantalang pag-appoint habang nakabinbin ang pagtanggap ng mga aplikasyon.

Ipapaskil ang lahat ng permanenteng trabaho

Hindi papayagang mag-apply uli bago makalipas ang apat (4) na magkakasunod na buwan ang isang empleyadong nakatanggap ng promosyon sa pamamagitan ng posting na proseso.

~~Ang orihinal na pagkabakante at ang trabaho na pinunan ng pagkabakante ang ipapaskil. Ang alinmang pagkabakante na magagawa pagkalampas ng pangalawang posting ay hindi ipo-post at pupunan alinsunod sa seniority ng department.~~

Ilalagay sa isang trial basis hanggang dalawampung (20) araw ng pagtatrabaho ang isang empleyado nakatanggap ng bagong job posting. Kung hindi nila kayang gawin ang trabaho nang angkop, dapat silang ibalik sa kanilang dating trabaho o maaaring bumalik ang empleyado sa kanilang dating trabaho kung hindi sila nasisiyahan. **Pipiliin ang senior na aplikante mula sa orihinal na posting kung ang pagkabakante ay mangyayari sa loob ng dalawampung (20) araw. Dapat ipaskil uli ang mga bakante pagkatapos ng dalawampung (20) araw.**

Maaaring magpasa ng nakasulat na aplikasyon ang isang empleyado na a-absent para sa bakasyon ng hanggang anim (6) na linggo bago iwan ang isang partikular na posisyon na maaaring i-post sa panahon ng kanilang pagliban. Mawawalan ng bisa ang aplikasyon pagkatapos ng naka-schedule na pagliban. [2024]

4.10 Mga Promosyon at Pag-assign ng Trabaho – Sinang-ayunan Oktubre 18, 2025

~~(c) Kung saan kinakailangan na lumipat ang mga empleyado sa isang (1) department papunta sa iba sa permanenteng basis dulot ng pang-operasyong pangangailangan Kompanya dapat itong gawin sa mga sumusunod na batayan.~~

~~Dapat unang ibigay ang oportunidad na lumipat sa mga senior na empleyado. Sa pagkakataong walang empleyado ang gustong lumipat, ililipat ang mga pinakamababang senior na empleyado at dapat silang bigyan ng pinakaunang oportunidad para lumipat pabalik sa department na iyon kapag naging available ang isang posisyon.~~

4.13 Mga Paglipat – Sinang-ayunan Oktubre 18, 2024

Dapat batay sa seniority ang mga paglipat sa ibang shift o department. Maaaring magpasa ng nakasulat na kahilingan sa Production Manager ang mga empleyadong may isa (1) o higit pang taong seniority sa kondisyong hindi pa sila naililipat sa loob ng nakaraang labindalawang (12) buwan. Dapat gawin ang lahat ng mga paglipat sa pinaka-junior na posisyon sa hiniling na department. Kapag natanggap ang kahilingan ng pagpapalipat, bibigyan muna ng Kompanya ang pinaka-senior na empleyado sa planta, at/o apektadong shift, ng oportunidad na punan ang bakanteng nagawa dahil sa paglipat. Sa pagkakataong walang empleyado ang gustong punan ang bakanteng nagawa, dapat gamitin ng empleyadong humihiling ng paglipat ang kanilang seniority sa pinaka-junior na empleyado sa planta, at/o department, at/o shift na gustong lipatan ng empleyado. Aprubahan ang lahat ng mga kahilingan sa pagpapalipat ayon sa seniority at ipoproseso sa loob ng tatlumpong (30) araw ng pagtatrabaho. Ilalagay sa pagsubok ang mga inilipat na empleyado ng tatlumpong (30) araw ng pagtatrabaho. Maaaring ibalik ng Kompanya ang empleyado sa department/shift na pinanggalingan nila kung hindi nito magawa nang angkop ang trabaho, o maaaring bumalik ang empleyado sa department/shift kung hindi sila nasisiyahan.

4.15 – Sinang-ayunan Oktubre 16, 2024

Tuwing Enero magpapaskil ang Kompanya ng kahilingang ilagay ng mga empleyado ang kanilang kagustuhang **makatanggap ng pagsasanay sa partikular na mga trabaho at department.** ~~trabaho sa mga pansamantalang assignment na pantay o mas mataas sa kasalukuyan nilang klasipikasyon sa planta.~~ Pipiliin ang mga empleyado ayon sa seniority para makakuha ng pagsasanay. ~~para sa bawat pansamantalang assignment.~~ Sa pagkakataong kulang ang listahan para sa mga pangangailangan, maaaring magpaskil uli ang Kompanya sa loob ng taon. Maaaring piliin ng mga empleyadong tanggalin ang pangalan nila mula sa listahan kailanman.

Bawal tanggihan ng empleyadong nakatanggap ng pagsasanay ang isang oportunidad sa partikular na trabahong sila ay kwalipikado sa loob ng dalawang taon matapos ang pagsasanay.

Maaaring idagdag ng empleyado ang kanilang pangalan sa listahan matapos isara ang posting, ngunit hindi nila mapapalitan ang empleyado na naka-assign na o sinasanay na para sa isang partikular na posisyon. **[2024]**

Article 5.5 – Pagliban ng Unyon – Sinang-ayunan Pebrero 10, 2025

Sumasang-ayon ang Kompanya na magbigay ng time off, na walang bayad, at walang pagkawala ng seniority para sa sinumang empleyado na ihahalal, ia-appoint, o itatalaga ng Unyon para dumalo sa isang labour convention o para maglingkod sa anumang kapasidad sa lehitimong Opisyal na gawain ng Unyon, ngunit lang kung, mayroong sapat na notipikasyon sa Kompanya upang mapunan ang posisyon ng empleyado.

Kung saan ibinibigay ng Kompanya ang isang leave of absence sa isang empleyado, sa kondisyong ang pagliban ay hindi lalampas sa isang (1) taon, hindi dapat magkaroon ng pagkawalan ng seniority ang isang empleyado sa loob ng panahong iyon.

Dapat bayaran ng Kompanya ang empleyado at mag-invoice sa union para sa lahat ng nawalang oras para sa mga empleyadong naka-leave para sa Unyon.

Kung lumampas ang pagliban ng empleyado ng tatlumpung (30) magkakasunod na araw, sisingilin din ang unyon para sa mga benefit premium ng empleyado. [2024]

Artikulo 8 - Mga Bakasyon

8.4 (a) Dapat maging batay sa seniority ang pagpili ng panahon ng bakasyon para sa bawat department at maaaring bigyan ng unang pagpili ang senior na empleyado. Maaaring ibigay ang mga bakasyon sa anumang panahon ayon sa mga demand ng negosyo ngunit tunay na magsisikap ang Kompanya na magbigay ng mga bakasyon sa panahong hinihiling ng mga empleyado. Gagamitin ang mga bakasyon sa taon ng pagbabakasyon. Kung kailan may karapatan ang mga empleyado sa isang tatlo (3) o higit pang mga linggo ng bayad na bakasyon, maaari lang mag-schedule ang mga empleyadong iyon dalawang (2) linggo sa loob ng Hulyo o Agosto.

Papayagan ang sampung (10%) posiyentong allowance para sa bakasyon kada department. Kung posible, sa tanging diskresyon ng Kompanya, papayagan ang higit sa sampung (10%) porsiyento.

Sumasang-ayon din ang Kumpanya kung saan ang mga empleyado ay may karapatan sa tatlo (3) o higit pang linggo ng bayad na bakasyon at hilingin na kunin sila sa isang panahon sa pagitan ng mga buwan ng Enero 1 at Abril 30 ng bawat taon, maaaring kunin ang mga ito ng mga empleyado nang magkakasunod maliban sa ~~Easter-Festive~~ **Season (apat na linggo bago ang Easter, Thanksgiving o Pasko kung saan limitado sa 5% ang allowance para sa bakasyon). Kung saan posible, sa tanging diskresyon ng Manager ng Planta, papayagan ang higit sa limang (5%) porsiyento. [2024]**

Artikulo 9.3 – Sinang-ayunan Pebrero 11, 2025

Nangangahulugan ang teknolohikal na pagbabago sa introduksiyon ng Employer ng kagamitan sa loob ng panahon ng termino ng Kolektibong Kasunduan na materyal na nakaaapekto sa bargaining unit.

Kapag nagpapakilala ang Employer ng teknolohikal na pagbabago na magresulta sa malalaking pagbabago sa status ng trabaho o kondisyon ng mga empleyado, dapat itong magbigay sa Unyon at sa mga apektadong empleyado ng pinakasapat na abiso hangga't maaari bago ipakilala ang teknolohikal na pagbabago.

Kung saan inabisuhan ng Employer ang Unyon na gusto nitong magpakilala ng teknolohikal na pagbabago, magsasagawa ang mga Partido na ng pagpupulong sa loob ng makatwirang takdang panahon at magbahagi at pag-usapan ang anumang naaangkop na mga plano. [2024]

Artikulo 10 – Sinang-ayunan Pebrero 11, 2025

10.1 Sumasang-ayon ang Kompanya na magbigay ng bayad na sick leave, na pag-iipunan sa rate na isang (1) sick leave para sa bawat isang buwan ng pagtatrabaho. Makakakuha lang ang mga empleyado ng isang (1) sick leave credit kung nagtrabaho sila sa bawat naka-schedule na araw ng trabaho sa buwan ng kalendaryo kung kailang saan kinakalkula ang pag-iipon. Maaaring ipunin ang mga bayad na sick leave hanggang sa dalawampung (20) araw. Magsisimula ang pag-iipon pagkatapos makompleto ang isang anim (6) na buwan na panahon ng pagiging eligible.

- (a) Sa araw na nagtrabaho ang empleyado ng mas maikli sa tatlong (3) oras at umuwi nang may sakit, bibilangin ang araw na iyon bilang unang araw ng sakit. Hindi hihilingin ang mga may sakit na empleyado na manatili sa planta ng higit sa tatlong (3) oras na iyon para lampasan ang unang araw ng sakit.
 - (b) Walang empleyado ang makakatanggap ng bayad sa unang araw ng pagliban, puwera ang mga empleyadong naka-off ng anim (6) na araw o higit at may na-ipong mga credit.
 - (c) Sumasang-ayon ang Kompanya na bayaran ang mga hindi nagamit na credit ng bayad na sick leave sa mga empleyado pagtapos ng anim (6) na buwan ng sakit, labindalawang (12) buwan ng pagka-lay-off at agad pagka-retire sa Pension. Ituturing ang mga holiday bilang oras na tinrabaho kapag binibilang ang sick leave.
 - (d) ~~Hindi kinakailangan ang sulat ng isang doktor para sa dalawang (2) araw o mas mababang pagkakasakit. Sumasang-ayon ang Kompanya na bayaran ang bayarin sa Doktor, kapag hiniling ng Kompanya, hanggang limampung (\$50.00) dolyar/resibe (kapag may angkop na pruwera ng resibe).~~
 - (e) Ang mga empleyadong sakop ng mga probisyon ng clause na ito ay maaaring himiling ng isang Functional Abilities Form (FAF) na nagpapatunay sa kanilang mga limitasyon at restriksiyon para sa pagkaliban higit sa limang araw na maaaring magresulta sa posibleng akomodasyon. Sa mga kasong hihiling ang Employer ng isang FAF at kompleto itong napunan, ire-reimburse ng Employer ang empleyado hanggang sa maximum na \$65.00. [2024]**
-

Artikulo 11 – Lingguhang Bayad-pinsala – Sinang-ayunan Pebrero 10, 2025

Sumasang-ayon ang Kompanya na magbigay ng Lingguhang Bayad-pinsala na programa sa Insurance na magbibigay sa mga empleyado ng animnapu't anim ar dalawang katlong (66⅔%) porsiyento ng kanilang lingguhang kita batay sa apatnapung (40) oras kada linggo sa regular na rate ng bayad hanggang sa maximum na pinapayagan ng Employment Insurance Act para sa maximum na labinlimang (15) linggo kapag nakaliban sa trabaho dahil sa hindi galing sa

trabahong sakit o aksidente. Hindi eligible ang mga empleyadong naka-layoff na kumolekta ng mga benepisyo ng Lingguhang Bayad-pinsala. Magsisimula ang lingguhang benepisyo sa kita sa unang (1st) araw ng pagiging disabled dahil sa pinsala o sa apat (4th) na magkasunod na araw ng pagiging disabled dahil sa sakit pero hindi sa unang (1st) araw ng paggamot ng doktor.

Gagamitin ang Group Benefit Plan alinsunod sa mga regulasyong nakasaad sa mga dokumento ng plano at polisiya ng insurance underwriter. Ang pagkait ng lingguhang bayad-pinsala ay dapat apelahin sa provider ng insurance ng Kompanya na huling magpapasiya sa kaso ng pagiging eligible. Ipapasa ng Kompanya sa Unyon ang isang kopya ng liham ng desisyon ng insurer tungkol sa pagtanggap ng lingguhang bayad-pinsala sa lalong madaling panahon pagkatapos itong matanggap. [2024]

Artikulo 11.2 – Sinang-ayunan Mayo 28, 2024

11.2 Dapat kompletuhin ng mga empleyado ang tatlong (3) buwan ng pagtatrabaho upang eligible para sa mga saklaw ng benepisyo na itinakda sa Artikulo 11.3, 11.4, at 11.6. Magsisimula ang saklaw sa unang araw pagkatapos makompleto ang tatlong (3) buwang serbisyo at hihinto kaagad sa terminasyon **alinsunod sa mga dokumento ng plano**. Sumasang-ayon ang Kompanya at Unyon na ang premium para sa mga saklaw na ito ay babayaran ng pitumpu't limang (75%) porsiyento ng Kompanya at dalawampu't limang (25%) porsiyento ng empleyado. [2024]

Artikulo 11 BAGO – Mga Programa sa Benepisyo ng Empleyado – Sinang-ayunan Abril 30, 2025

11.2 (b) Sumasang-ayon ang Mga Partido na ang Mga Pangkalusugan at Mga Planong Medikal ng Grupo ay pinamamahalaan ng teksto ng plano at dapat pangasiwaan alinsunod sa mga regulasyong nakasaad sa mga dokumento ng plano at mga patakaran ng insurance underwriter. Kung patuloy na nagtatrabaho ang isang empleyado nang lampas sa cutoff ng edad ng Carriers (kasalukuyang edad 70) at hindi eligible para sa mga benepisyo, tatanggap sila sa halip ng halagang katumbas ng buwanang premium ng benepisyo ng Employer bilang isang nabubuwisang benepisyo tungo sa isang empleyado na naghahanap ng kanilang sariling programa ng benepisyo kasunod ng petsa ng pagpapatibay ng na-renew na collective bargaining agreement. [2024]

Artikulo 19.1 – Garantisadong Linggo ng Trabaho

Maliban sa kasong gawa ng kalikasan, mag-a-apply lang ang artikulong ito sa mga full-time na permanenteng empleyado sa Kompanya.

Para sa layunin ng artikulong ito, ang "full-time na permanenteng empleyado" ay nangangahulugang sinumang empleyadong nagtatrabaho nang full-time bago ang **Nobyembre 30, 2020**. Bilang karagdagan, sumasang-ayon ang Employer na ang sinumang empleyado na nabibilang sa nangungunang pitumpu't lima (75%) ng mga aktibong empleyado at may hindi bababa sa isang (1) taon ng seniority, ay may karapatan sa lingguhang garantiya. Tutukuyin sa Enero 1 ng bawat taon kasunod ng ratipikasyon ang

pitumpu't limang (75%) porsiyentong alokasyon. Walang empleyadong kwalipikado para sa lingguhang garantiya ang matutukoy bilang hindi eligible ibang pagkakataon, dahil sa muling pag-restructure o pagsasara ng department o iba pang bagay na nagpapababa sa kabuuang bilang ng mga empleyado. [2024]

Kung ang isang empleyadong may karapatan sa garantisadong linggo ng trabaho ay tinawag para magtrabaho sa loob ng linggo, sila ay may karapatan na tumanggap ng suweldo na hindi bababa sa sumusunod na batayan bawat taon:

~~Ika-1 ng Enero hanggang Ika-31 ng Mayo ay tatanggap ng tatlumpong (30) oras na suweldo bawat linggo; Ika-1 ng Hunyo hanggang Ika-31 ng Disyembre — tatlumpu't anim (36) na oras na suweldo bawat linggo; hindi alintana na ang naturang empleyado ay maaaring hindi magtrabaho nang ganoon karaming oras.~~

Gawa ng Kalikasan - Ang garantiyang ito ay dapat bawasan ng oras na nakaliban sa anumang dahilan para sa walong (8) oras bawat buong araw kung saan ang planta ay hindi maaaring mag-opera dahil sa sunog, pagsabog, pagkawala ng kuryente, bagyo, supply ng ibon, welga o boycott ng isang labor union o iba pang katulad na grupo.

Epektibo Ika-1 ng Abril, 2013, la-average ang mga garantisadong oras sa isang dalawang (2) linggong period ng pagbabayad. Kapag ang mga oras ng pagtatrabaho ng isang empleyado ay mas mababa sa minimum na garantiya, sila ay bibilangin at babayaran sa isang proporsyonal na batayan bilang animnapu't apat (64) na oras ng suweldo sa kanilang regular na rate sa bawat payroll period o bayad bilang kapalit ng trabaho para sa panahon ng Enero 1 hanggang Mayo 31 at pitumpu't dalawang (72) na oras ng suweldo sa kanilang regular na rate sa bawat panahon ng payroll ng panahon o bayad sa kabila ng trabaho sa ika-1 ng Hunyo hanggang Ika-31 ng Disyembre. Mag-a-apply ang mga sumusunod na probisyon dito:

Mag-a-apply ang mga sumusunod na probisyon dito:

- (a) Aayusin ng Kompanya ang mga empleyado ayon sa proporsyon sa trabahong magiging available o inaasahang maging available. Upang mabigyan ang naturang mga regular na empleyado ng mga garantisadong oras ng trabaho, dapat maging malaya ang Kompanya na ipamahagi ito sa loob ng mga department at ilipat ang mga empleyado mula sa isang department patungo sa isa pa, ang makatwirang pagsasaalang-alang ay ibinibigay sa seniority, kakayahan, at sa anumang matinding pagbabago sa pisikal na kondisyon sa pagtatrabaho.
- (b) Inaasahan ng Kompanya na ang lahat ng mga empleyado ay gaganap nang matapat; anumang gawain ang maaaring italaga sa kanila sa kani-kanilang departamento. Kung tumanggi ang sinumang empleyado na gawin ang gawaing itinalaga sa kanila, aalisin ang Kompanya sa anumang garantiya tungkol sa trabahong ginawa sa linggong iyon.
- (c) Dapat na pareho ang garantiya para sa mga linggo kung saan ang isa (1) sa labing-isang (11) Statutory Holiday ay nangyayari tulad ng sa ibang mga linggo, ang bayad na natanggap para sa nasabing Statutory Holiday ay dapat ituring bilang bahagi ng garantiya.

- (d) Ang empleyadong nakaliban sa trabaho pagkatapos magsimulang magtrabaho sa linggo na magbibigay sa kanila ng karapatang makatanggap ng garantisadong linggo ng trabaho, ay dapat mabawasan ang garantiya ayon sa panahong nawala.
 - (e) Hindi eligible ang sinumang empleyado na ma-lay off ng higit sa isang (1) buwan oara sa garantisadong linggo ng trabahong probisyon sa linggo ng recall.
 - (f) Kung saan nagtatrabaho ng overtime o iba pang mga oras na binabayaran ng Premium, sila ay bibilangin bilang, isang (1) oras na trabaho ay isang (1) oras ng garantiya lamang. **[2024]**
-

Artikulo 11.6 – Sinang-ayunan Pebrero 10, 2025

Amyendahan ng Kompanya ang Programa sa Pangangalaga sa Kalusugan sa pagdadagdag ng benepisyo sa vision. Mag-aalok ang vision na benepisyo ng ~~limangdaang (\$500.00)~~ dalawang daang (\$200.00) dolyar ng pagsagot kada dalawampu't apat (24) na buwan epektibo sa una (1st) ng buwan kasunod ang ratipikasyon. **Sa pagpapatibay** ng kasunduan ang saklaw ng vision ay tataas sa ~~dalawang daan at limampu (\$250.00)~~ **tatlong daan (\$300.00)** dolyar bawat dalawampu't apat (24) na buwan. **[2024]**

Artikulo 12.3 – Sinang-ayunan Setyembre 16, 2024

Magkakaroon ng Pamamahala ng Unyon **Workplace Joint Health and Safety Committee (JHSC)**, **buubuo ng hindi bababa sa** ~~na itinalaga at dapat buubuo ng dalawa (2)~~ **tatlong (3)** mga kinatawan na hinirang ng Unyon at ~~dalawa (2)~~ **tatlong (3)** kinatawan na itinalaga ng Management. **Puwedeng itaas ang numerong ito sa mutwal na pagkakasundo ng mga partido. Ang pangunahing tungkulin ng komite ay tukuyin ang mga isyu/panganib sa kalusugan at kaligtasan sa lugar ng trabaho at makipagtulungan sa employer upang makahanap ng mga solusyon upang mapanatiling ligtas ang lugar ng trabaho. Ang mga pangalan ng mga miyembro ng JHSC ay ipo-post sa H&S communication board.**

Ang komite ng JHSC ay magkakaroon ng dalawang (2) co-chair na paiikutin nang salit-salit:

- **Pipiliin ng Unyon ang co-chair ng manggagawa mula sa mga kinatawan ng empleyado.**
- **Pipiliin ng Kompanya ang co-chair ng employer mula sa mga kinatawan ng kompanya.**
- **Responsable ang tagapangulo ng pagpupulong sa pagpapasa ng agenda tatlong (3) araw bago ang pagpupulong.**
- **Kukunin ng isang kinatawan ng employer ang minutes.**

Dapat matugunan ng JHSC ang mga kinakailangan ng bahagi 13 ng Alberta Occupational Health and Safety Code.

Ang JHSC ay magpupulong buwan-buwan, sa oras ng kompanya. Ang Komite ay magiging responsable para sa pagbuo ng isang termino ng sanggunian para sundin ng mga miyembro ng komite para sa kanilang mga pagpupulong.

Isang kinatawan ng unyon na miyembro ng JHSC ang sasali sa Safety Manager (o itinalaga) isang beses bawat buwan upang magsagawa ng inspeksiyon sa kaligtasan. Bayad ang oras na ito.

Sumasang-ayon ang mga Partido na ang taunang pagsasanay ay ipagkakaloob sa mga miyembro ng komite sa kaligtasan na kinabibilangan ng pagsasanay sa kaligtasan bilang bahagi ng mga pagpupulong.

Dapat maengganyo ang parehong partido na magtalaga ng mga miyembro ng Komite na magiging pinakamahusay sa pagsulong ng kaligtasan sa buong Planta. Gaganapin ang regular na mga pagpupulong ng Komite ng Kaligtasan kada buwan. Papanatiliing nakapasikil sa bulletin board ng lunch room ang isang listahan ng mga pangalan ng miyembro ng Komite ng Kaligtasan.

